# Paano Itaguyod ang Iyong Anak at ang Iyong Sarili sa Paaralan

## Ano ang Pagtataguyod?

Ang pagtataguyod para sa iyong anak ay nangangahulugang pagsasalita at pagkilos upang suportahan ang kanilang mga pangangailangan at karapatan. Kabilang din dito ang pagtulak para sa mga pagbabago sa mga patakaran at desisyon ng paaralan, hindi lamang para sa iyong anak, kundi para na rin sa ibang estudyanteng multilingguwal at kanilang mga pamilya. Ang pagtataguyod ay tungkol sa paggamit ng iyong boses upang makatulong sa paglikha ng positibong pagbabago sa edukasyon at sa buong komunidad ng paaralan. Habang lumalaki ang iyong anak, mahalaga na nakikita nila kung paano mo sila itinataguyod -- upang matutunan din nilang itaguyod at ipaglaban ang kanilang sarili pagdating ng tamang panahon.

## Bakit Mahalaga na Itinataguyod ng mga Magulang ang Kanilang mga Anak?

- Pinapabuti nito ang komunikasyon at pagtutulungan sa bahay at paaralan.
- Tinitiyak nito na natatanggap ng mga mag-aaral ang suportang kailangan nila.
- Pinapalakas nito ang tiwala sa sarili at pagiging lider ng mga mag-aaral at sa kanilang mga pamilya.
- Nakakatulong ito sa paglikha ng kapaligirang bukas at pantay para sa lahat ng mag-aaral.

## Paano Mo Aktibong Maitataguyod ang Iyong Anak at ang Iyong Sarili?

**Bumuo ng mga ugnayan::**

- Kilalanin ang mga guro, tagapayo, at punong-guro ng iyong anak.
- Makipag-ugnayan sa ibang mga magulang upang suportahan ang isa't isa.

**Agad na kumilos:**

- Ibahagi kaagad ang iyong mga alalahanin.
- Huwag hintaying lumaki ang mga problema.

**Makilahok sa paaralan:**

- Makipagtulungan sa mga guro at sa iyong anak sa pagtatakda ng mga layunin para sa taon ng pag-aaral at maghanap ng mga solusyon sa mga problemang lumilitaw.
- Dumalo sa mga pulong at aktibidad sa paaralan hangga't kaya. Magmungkahi ng iba pang mga paraan na nais mong makilahok.
- Panatilihin ang komunikasyon sa mga guro at kawani ng paaralan at manatiling nakatuon sa pag-aaral ng iyong anak.

**Iba Pang mga Ideya:**

- May mga naiisip ka pa bang dahilan kung paano pahalagahan itong adbokasiyang ito at ano-ano pa ang mga paraan upang maitaguyod ang iyong anak at sarili sa loob ng paaralan?

WIDA™
UNIVERSITY OF WISCONSIN–MADISON

wida.wisc.edu
WIDA is housed within the School of Education at the University of Wisconsin–Madison.
© 2025 Board of Regents of the University of Wisconsin System, on behalf of WIDA